

**Marso 26, 2026**

*Mahalagang paunawa mula sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkaunlaran (Department of Developmental Services) tungkol sa:*

# 2026-27 MGA ALITUNTUNIN AT PAMANTAYAN PARA SA KONTRATA NG PAGGANAP

G-2026-Mga Kinakailangan sa Pag-uulat-001

---

## **Ano ang Dapat Malaman**

Ang panukat ng pagganap ay isang paraan upang malaman kung gaano kahusay ginagampanan ng isang sentrong pangrehiyon ang tungkulin nito.

Bawat taon, ang mga sentrong pangrehiyon ay may mga panukat ng pagganap sa kanilang kontrata sa Kagawaran. Ang mga panukat ng pagganap na ito ay kinakailangan ng batas. Dapat makipagpulong ang mga sentrong pangrehiyon sa komunidad upang pag-usapan ang mga panukat ng pagganap, kumuha ng puna kung paano mapapabuti ito, at suriin kung paano nagampanan ng sentrong pangrehiyon ang kanilang tungkulin taun-taon.

## **Ano ang Magbabago**

Ang dokumentong gabay na ito ay hindi nagbabago kung paano natatanggap ng mga indibidwal at pamilya ang kanilang mga serbisyo, ang mga pagbabago ay nakakaapekto sa mga sentrong pangrehiyon.

Simula sa 2026–2027, magbibigay ang Departamento ng isang pinagsamang hanay ng mga tagubilin para sa mga panukat ng pagganap mula sa iba't ibang bahagi ng batas sa mga sentrong pangrehiyon. Ang mga hakbanging ito ay ipatutupad sa iba't ibang larangan ng serbisyo ng sentrong pangrehiyon, kabilang ang maagang simula, trabaho, pagkakapantay-pantay at kakayahang pangkultura, pagpaplanong nakasentro sa tao, at iba pa.

## **May mga tanong?**

Ang mga indibidwal at pamilya na may mga katanungan tungkol sa mga panukat ng pagganap ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang tagapag-ugnay ng serbisyo.

## **Matuto Pa**

Upang matuto pa tungkol sa [mga panukat ng pagganap ng sentrong pangrehiyon](https://www.dds.ca.gov/transparency/monitoring-reports/regional-centers-annual-performance-and-performance-contract-year-end-reports/), bisitahin ang: <https://www.dds.ca.gov/transparency/monitoring-reports/regional-centers-annual-performance-and-performance-contract-year-end-reports/>

